

1

Ang nakaraan...

Alertong binabagtas ni FO3 Santiago Quinzon ang madilim na basement ng isang building. Lumapit siya sa nag-iisang itim na *Pajero* na naka-park sa di-kalayuan. Nang makalapit siya ay umibis ang isang lalaking nakasuot ng itim na amerikana.

“Mabuti’t tumupad ka sa usapan natin, Quinzon,” ani Rodel Verdad, isang maimpluwensyang councilor sa siyudad ng Sta. Rosa, Laguna.

“Bakit ka tumawag?”

“May gusto akong ipagawa sa iyo.”

May iniabot itong isang brown envelope kay Santiago. Binuksan niya iyon at nakita ang laman. Mga litrato iyon, ilang kuha ng isang lalaki at ang iba ay larawan ng interior at exterior ng isang katamtamang laking townhouse.

“Siya si Amando Santibañez, may-ari ng isang financing firm at iyan ang bahay niya. Nariyan din ang address kung saan mo siya matatagpuan. Gusto kong patahimikin mo siya,” kaswal na sabi ng councilor.

Naningkit ang mga mata niya.

“Ano’ng atraso niya sa iyo?”

Dumukot ito ng isang stick ng sigarilyo. Sinindiha nito iyon at sadyang ibinuga ang usok sa harap ng kausap.

“Let’s just say na may hindi lamang kami pinagkasunduan.”

Ibinalik ni Santi ang pictures sa envelope at iniabot sa kaharap. Tinitigan lamang iyon ng lalaki.

“Bumbero ako, hindi mamamatay-tao.”

“Alam ko. Pero katulad ko, isa ka ring corrupt na miyembro ng inyong grupo. Ang mga tipo natin ang hindi naniniwala sa prinsipyo.”

“Hindi totoo iyan. Ikaw ang nag-umpisa!”

“At tinanggap mo. Hindi ba’t hindi ka naman tumatanggi sa bawat sentimong ibinigay ko sa iyo?”

Nagtagis ang mga bagang niya sa narinig. Kahiya-hiya mang aminin pero tama ito. Ilang under the table transactions na ba ang pinasok niya para mabigyan ng fire safety certificate ang mga building contractors at business owners na matitigas ang ulo? At karamihan ay kakilala nito o kung hindi nama’y malapit na kaalyado. At ito rin ang nag-introduce sa kanya sa isang kompanyang supplier ng fire extinguishers na kalauna’y natuklasan niyang depektibo. Sa halip na pigilan, siya pa mismo ang tumulong na irekomenda ang nasabing supplier sa mga small-scale business establishments na nangangailangan ng

nasabing produkto para maka-comply sa requirement sa pagkuha ng permit.

Maliit lamang ang sinasahod niya at kailangan niya ng pera. Iyon ang justification niya sa mga maling gawain.

May dinukot sa bulsa ng amerikana ang konsehal. Iniabot nito sa kanya ang isang makapal na envelope na may isang makapal na bundle ng one thousand peso bills.

“Fifty thousand ang laman niyan. Makukuha mo ang another fifty thousand kapag nagawa mo ang trabahong ibinigay ko.”

“Paano ko gagawin ang ipinagagawa mo?”

“May insomnia si Santibañez. Umiinom siya ng sleeping pills para makatulog. Sa ngayon ay nag-iisa lang siya sa bahay dahil nasa probinsya ang mag-ina niya. Sapat na ang impormasyong iyan para makapag-isip ka ng paraan. Pumapatay ka ng sunog. So alam mo rin kung paano nagsisimula ng isa.”

“Gusto mong sunugin ko ang bahay niya?”

Ngumisi ito.

“Paano kung tumanggi ako? Paano kung hindi ko gawin?” Kahit masama siyang tao, may konsyensya pa rin siya.

“Gawin mo man o hindi, that man is good as dead. Ikaw ang pinili ko dahil alam kong hindi mo ako bibiguin. Pero kapag hindi ka sumunod, hindi ko maipapangakong palalampasin ko

lang ang pagsuway mo. I'm not a very patient man, alam mo iyan. Think about your son. Think about what he will feel kapag nalaman niyang isang masamang bumbero ang kanyang ama."

"Damay ka rin kapag na-expose ako."

Ngunit hindi man lamang natinag ang konsehal. Lalo pang naging mapanganib ang ngisi nito.

"Baka nakakalimutan mong kaya kong baligtarin ang mga ebidensya. Kaya kong manipulahin ang batas. Pero ikaw? Ano'ng kaya mong gawin, Quinzon?" Puno ng paghahamon ang tinig nito. Hindi niya nagawang sumagot.

Itinapon nito ang sigarilyo at inapakan upang mamatay ang upos. "Siguraduhin mo lang na aksidente ang kalalabasan ng gagawin mo!"

Lumulan itong muli sa sasakyan at pinaharurot iyon palayo.

Malalim na ang gabi. Isang anino ang maingat na pumasok sa townhouse ni Amando Santibañez. Walang kahirap-hirap itong nakapasok sa pinto sa likuran. Dumerecho ito sa kusina. Ibinuhos nito sa sink ang dalawang bag ng purong pulbos na kemikal, isang matapang na base na kaagad nag-iinit at lumiliyab kapag natuluan ng tubig. Umabot iyon sa kalahati ng lalim ng lababo. Tinakpan nito ng dyaryo ang isang bahagi saka nito binuksan ang gripo. Tama lamang ang bagsak ng tubig upang makalabas siya

roon at makalayo bago pa ito tuluyang magliyab.

Naglagay rin ito ng isang kandila sa gilid ng sink, doon sa spot na malapit sa kurtina. Alam kasi nitong kapag nagkaroon ng imbestigasyon ay lalabas na sa kusina nagsimula ang sunog. At ang kanyang ginawa ay isang paraan lamang para i-mislead ang mga imbestigador.

He smiled devilishly. Ilang gabi rin niyang pinag-aralan kung ano ang gagawin. Nag-research pa siya sa internet. Nang masigurong hindi na sasablay ang kanyang plano ay maingat siyang lumabas ng bahay.

Ipinarada ni santi ang secondhand owner-type jeep sa bakanteng lote sa tapat ng fire station. Pagpasok niya ay nakasalubong niya si F/Capt Miguel Cordova, kaibigan at kumpare niya. Seryoso ang expression nito.

“P’wede ba kitang makausap, Pare?” salubong nito.

“Tungkol saan?” tanong niya. Pero bago pa ito makasagot ay umalingawngaw na ang dispatch call. Isang sunog ang nagaganap sa isang townhouse. Sinabi ng dispatcher ang address.

Umilap ang mga mata ni Santi.

“Mamaya na lang tayo mag-usap. Halika na,” aya ni Miguel.

Kinuha nila ang kanilang bunker gears at mabilis na lumulan

sa fire truck. Ilang sandali pa'y binabagtas na nila ang daan patungo sa fire scene.

Umabot na sa second floor ang sunog na ang sabi ay nagmula sa kusina.

“May na-trap na civilian sa itaas,” pagbibigay-alam ng isa pang kasamahan nila na nauna lang sa fire scene.

“Sige, kami na ni Santi ang papasok,” sabi ni Miguel.

Ikinalso ni Miguel ang hagdanan sa isa sa mga bintana sa second floor. Umakyat ito at gamit ang palakol ay binutas ang salaming bintana. Nang pumasok ito ay siya naman ang sumunod.

May apat na silid ang second floor. Ang bintanang pinasok nila ay malapit sa hagdanan at sa pasilyo pababa. Sa kanilang kanan ay dalawang magkatabing silid. Sa dulo ay ang dalawa pa.

“Ako na ang titingin sa silid sa dulo. Ikaw na dito,” aniya kay Miguel.

Tumango ito. Tinakbo niya ang dulong silid. Tiyak ang pintong kanyang binuksan.

Naroon pa rin si Amando, pero gising ito at dinadalagit ng ubo dahil sa usok.

“T-tulungan mo ako...”

Nilapitan niya ito. Ngunit sa halip na alalayan, itinulak niya ito pahiga at tinakpan ng unan ang mukha. The older man

struggled and fought him relentlessly, pero wala itong panama sa lakas niya.

“Ano’ng...?”

Dalawang malalakas na braso ang humila sa kanya sa ibabaw ng biktima. Itinulak siya ni Miguel sa isang parte ng dingding. He could already feel the heat from below the floor.

“Ano ba’ng ginagawa mo?” galit na tanong nito na kaagad dinaluhan ang naghihinalong lalaki.

Tumayo siya at binalingan ang kaibigan.

“Huwag kang makialam dito!”

Bumakas ang pagtataka sa mukha ng kaibigan. “Santi, ano ba ang nangyayari sa iyo?”

“Pasensya ka na, Miguel, pero trabaho lang ito. Kailangang mamatay ang matandang iyan.”

“What?” di-makapaniwalang bulalas nito. Sandali itong tumitig sa kanya. Naningkit ang mga mata nito nang mapagtagni ang nangyari. “May kinalaman ka sa sunog na ito?” Mapanganib ang titig nito sa kanya. Lumapit ito at kinuwelyuhan siya. “Paano mong nagawa ito, Santi?”

Itinulak niya ang kaibigan.

“Hindi mo na kailangang malaman. Labas ka na rito. Kung ayaw mong madamay, hayaan mong gawin ko ang dapat kong

gawin.”

“No! Hindi kita hahayaan! Alam na ng nasa itaas ang mga illegal activities mo!”

Namutla siya at sandaling hindi nakapag-isip.

“May pagkakataon ka pang itama ang lahat, Santi! P’wede kitang tulungan!”

“At gusto mong maniwala ako sa iyo?” Ngumisi siya at kinuha ang nabitawang palakol. “Huli na. Hindi na ako makakaahon. At patawarin mo ako. Wala na akong choice kundi ang idamay ka.”

Inundayan niya ng saksak ang kumpare ngunit nakailag ito at nabigyan siya ng isang suntok sa tiyan. Nabitiwan niya ang palakol nang mapayuko siya sa sakit. Nagawang sipain ni Miguel ang armas palayo sa kanya.

Matangkad siya at may katabaan. Ngunit higit itong matipuno at maliksi. Sa gitna ng sunog ay naglalaban sila.

“Itigil mo na ito, Santi!”

“Hindi!”

Muli niya itong sinugod. At muli ay nakaiwas ito at nabuweltahan na naman siya ng suntok. Nang malugmok siya sa sahig ay binalikan nito ang biktima. Akma nitong bubuhatin ang matanda nang hilahin niya ito at sakalin mula sa likuran gamit ang braso. Miguel hit him on his side, sanhi para lumuwag

ang pagkakasakal niya rito. Nakaikot ito at muli siyang tinira ng suntok. Sumadsad siyang muli sa sahig.

Dahil sa pagod at sa hilo, natagalan siya sa pagbangon. Hinayaan na siya ni Miguel. Mabilis nitong pinangko ang ngayon ay wala nang malay na matanda at mabilis na bumalik sa pinasukan nila kanina.

Ipinasa nito ang matanda sa mga kasamang nag-aabang sa egress.

“Babalikan ko si Santi.”

Muli itong bumalik sa silid. Nasa bungad na ito ng pinto nang makabawi siya at makuhang tumayo. But it was too late. Marupok na ang kahoy na sahig na tinutuntungan niya. Kaagad iyong bumigay at nahulog siya sa nag-aapoy na silid sa ibaba.

“Santi!”

Miguel managed to get a hold of his gloved hand.

“Kumapit kang mabuti! Tutulungan kita!” anito na naghahanap ng bagay na maaaring magamit para mailigtas siya. But the heat was too much. Kung magpupumilit ito ay kapwa sila masasawi. Tinawag niya ito.

“I-ikaw na ang bahala kay Max. H-huwag mo siyang pababaya!”

Namutla ito sa narinig. “No!”

But it was too late. Nasusunog na ang kalahati ng katawan ni Santi, the flames already scorching his skin. He wriggled his hand free from his grip. Derecho siyang bumagsak sa nagbabagang inferno sa ibaba.

Nahindik si Miguel sa sinapit ng kaibigan. Lumabas siya at balak sanang bumaba, pero tupok na ang hagdanan at lumalagablab na ang buong first floor.

“Miguel, out of control na ang sunog. Halika na!” sigaw ng isa niyang kasama. Napilitan siyang lumabas.

Dalawang oras pa nilang binuno ang sunog hanggang sa tuluyan na itong naapula. Nadamay rin ang ilang bahay sa tabi nito.

The townhouse was completely charred. Natagpuan ang sunog na bangkay ni Santi sa first floor CR. Kuyom ang mga kamay at pigil ang galit ni Miguel habang pinagmamasdan ang sunog na katawan ng kaibigan.

Bakit mo ito nagawa, Santi? Hindi mo na inisip ang pamilya mo, ang prinsipyo mo. I'll get to the bottom of this. Pagbabayaran ko ang taong nag-utos sa iyo.

It was a gloomy Saturday afternoon nang ilibing ang namatay na bumbero.

Ayon sa imbestigasyon ni Miguel, maliwanag na arson ang naging sanhi ng sunog base na rin sa naging akto ni Santi.

Ngunit hindi niya ito pinaalam sa mga superiors niya. Pinalabas niyang namatay si Santi sa pagliligtas sa matandang biktima na nabawian din ng buhay sa ospital dahil sa smoke inhalation isang oras matapos itong i-admit.

Ipinakiusap din niya sa kanyang superiors na kalimutan na lamang ang mga naging kaso ni Santi. At huwag na lamang ilabas ang mga katiwaliang nagawa nito. As much as possible, he wanted to preserve Santi's good image para man lamang sa kaisa-isang anak nito na inaanak din niya.

Santiago Quinzon was not awarded the *Medalya ng Kadakilaan*, though. Iyon ang naging desisyon ng mga nakakataas. At hindi na niya ipinilit pang baguhin iyon.

Nang matapos ang libing ay iniuwi muna niya ang inaanak sa tinutuluyan niyang bahay. Siya naman ay bumalik sa station. Binuksan niya ang locker ng namatay na kaibigan. Wala roon ang hinahanap niya. Sunod naman siyang nagpunta sa apartment nito. Nakita niya ang hinahanap sa bedroom drawer. Ang cellphone nito at ang envelope na may lamang litrato.

He scanned through Santi's call logs. May isang numero na paulit-ulit na nag-appear sa listahan, at week's intervals. Ang pinakahuli ay nitong nakaraang linggo bago naganap ang sunog.

Malakas ang kutob niyang may kinalaman ang may-ari ng numero sa ginawa ng kaibigan.

He took out his own phone and dialed another friend's

Through The Fire - Doreen Laroya

number. Ilang minuto rin niya itong kinausap. Sinabi niya rito ang gusto niyang mangyari. Nangako itong tutulungan siya.